



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 11

Hunyo 7, 2008

www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Rebolusyong agraryo, sagot sa anti-magsasakang CARP



**A**ng plano ng rehimeng US-Arroyo na palawigin pa nang limang taon ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ay taliwas sa pag-susulong ng interes ng masang magsasakang matagal nang naghahangad ng tunay na reporma sa lupa. Walang ibang layunin dito ang rehimeng US-Arroyo kundi ang patuloy na linlangin at apihin ang masang magsasaka at ibulsa ang malaking pondo nito.

Tulad ng lahat ng nagdaang programa sa reporma sa lupa ng reaksyunaryong estado, ang CARP ay huwad at walang tunay na kaugnayan sa repormang agraryo. Nagsilbi lamang ito para lalong pagtibayin ang mono-

polyong kontrol ng mga lupain sa bansa, at ibukas ang mga ito sa mga dayuhan alinsunod sa imperialistang patakarang "globalisasyon." Nitong mga nagdaang taon, ang pondo ng CARP ang naging isa sa mga naging pinakamalalaking palabigasan ng mga burukrata-kapitalistang nakapwesto sa poder.

Napakalaking kasinungalinan ang ipinagmamalaki ng Department of Agrarian Reform (DAR) na sa pamagitan ng CARP ay naipamahagi na sa mga magsasaka ang 80% ng mga lupang agrikultural. Ang malawak na mayorya ng mga magsasaka ay nananatiling wala o kulang sa lupang masasaka at biktima ng pagsasaman-

**Mga tampok  
sa isyung ito...**

People's Caravan  
sa Kamaynilaan

PAHINA 3

Pagsasamtala  
sa mga magsasaka  
ng palay sa Eastern  
Visayas

PAHINA 5

Pagsasanay-militar  
sa Southern Tagalog

PAHINA 10

talang pyudal at malapyudal.

Upang maiwasan ang tunay na pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka, iba't ibang pakana ang ginamit ng mga panginoong maylupa sa ngalan ng CARP. Kabilang dito ang paghahati-hati ng malalaking lupain sa maliliit na parsesa, pamahagi ng lupa sa mga bogus na benepisyaryo sa pamamagitan ng Voluntary Land Transfer/Direct Payment Scheme, Leaseback/Buy-back Scheme, Crop Conversion/Land Conversion Scheme, Contract Growing Scheme, Joint Venture Scheme, Cooperative Scheme, Corporative Scheme, Stock Distribution Option Scheme at iba pang katulad na iskema.

Pinalala ng CARP ang malawakang pangangamkam ng lupa ng mga masasaka sa iba't ibang dako ng bansa. Lalo pang tumaas ang konsentrasyon ng mga lupain sa kamay ng mga luma at bagong panginoong maylupa at dumami ang magsasakang nawalan ng lupa. Nasaya kamay ngayon ng mga panginoong maylupa ang mahigit 80% ng tinatayang 13 milyong hektaryang lupaing agrikultural sa bansa, habang mahigit 80% ng mga magsa-

saka sa bansa ay walang sariling lupang binubungkal.

Ginamit din lamang ng Malacañang at mga alipures nito ang CARP para la-lo pang magpakabundat. Kalakhan ng mahigit daan bilyon pisong badyet para sa CARP mula 1988 ay ninakaw lamang ng Malacañang at mga punong alipures nito.

Bukod rito, pinapistaahan nina Arroyo ang ₱27 bilyon mula sa mga nasekwester noong 2004 na nakaw na yaman ng mga Marcos na ayon sa batas ay nakalaan sa CARP. Pinaglalawayan pa nila ang mala-king natitira pa rito. At sadyang disila makuntento. Pinag-iinteresan ngayon nina Arroyo ang mahigit ₱100 bilyong badyet para sa li-mang taon pang pagpapalawig ng CARP.

Ang sigaw na wakasan na ang CARP ay kaakibat ng sigaw ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Itinataguyod at ipinaglalaban ito ng lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa at mga demokratikong sektor sa hanay ng mamamayan.



Bilang ambag sa demokratikong pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa, isinusulong ngayon ng mga progresibong kinatawan sa Kongreso ang pagsasabatas ng isang tunay na programa para sa reporma sa lupa (ang Genuine Agrarian Reform Program o GARP). Asa-hang ang pagsusulong ng GARP ay puspusang hahadlangan ng rehimeng Arroyo kasabvat ng mga panginoong maylupang naghahari sa Kongreso.

Rebolusyong agraryo ang susing solusyon ng rebolusyonaryong kilusan sa problema ng mga magsasaka sa kawalan o kasalatan ng lupang masasaka. Sa buong kasaysayan ng mga pakikibakang magsasaka sa Pilipinas, sa ganitong paraan lamang naipatutupad ang tunay na reporma sa lupa. Layon nitong palayain ang masang magsasaka mula sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi.

Rebolusyong agraryo ang pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong pakikibakang kasalukuyang isinusulong ng mga armadong rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas. Sa pamamagitan nito, napakikilos ang malawak na masang magsasaka bilang panguna-hing pwersa ng rebolusyon at nabubuo ang rebolusyonaryong batayang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka.

Sa mga sona at larangang gerilya sa buong bansa, isinasakatuparan ng rebolusyonaryong masang magsasaka ang iba't ibang antas ng programa para sa reporma sa lupa. Malawak ang pagpapatupad ng minimum na programa nito na kinabibilangan ng mga pakikibaka para antas-antas na ibaba ang upa sa lupa, pawiin ang usura, itaas ang sa-hod ng mga manggagawang bukid,

**ANG BAYAN** Hunyo 7, 2008

# ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 11 Hunyo 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

<b>Editoryal:</b> Rebolusyong agraryo, sagot sa konta-magsasakang CARP	1
People's Caravan sa Maynila	3
Tusong pagbatikos ni Arroyo	4
Mga pakana ni Arroyo	4
Pagsirit ng presyo ng langis at iba pa	5
Pagsasamantala sa Eastern Visayas	5
Mga suhol ng China kay Arroyo	7
Mangingisda, binaril	8
Mga opensiba sa Negros, Davao at Bicol	8
Mga opensiba sa Northern Samar	9
Pagsasanay-militar sa ST	10
<b>Balita</b>	11

kamtin ang makatarungang presyo sa mga produkto ng mga magsasaka, paunlarin ang iba't ibang anyo at antas ng kooperasyon at isulong ang produksyon agrikultural at iba't ibang programang sosyo-ekonomiko, pang-edukasyon at pangkultura para sa kagalingan at kaunlaran ng masang magsasaka.

Sa ilang lugar kung saan relatibong malakas na ang armandong rebolusyonaryong pwersa at mahina ang kaaway, may nai-patutupad nang mga antas ng maksimum na programa ng reforma sa lupa. Sa mga lugar na ito, ang mga nababawing lupa mula sa mga despotikong pang-noong maylupa at mga mangngamkam, gayundin ang mga tiwangwang at abandonadong lupain, ay libreng pinabubungkal at nagiging kapaki-pakinabang sa mga magsasaka sa ilalim ng tuwirang pangangasiwa ng kani-lang kinapapaloobang mga kooperatibang agrikultural at mga organo ng kapangyarihang pampolitika. Paparami ang mga ito habang lumalawak at sumusulong ang rebolusyonaryong kilusan at papalapit ang ganap na tagumpay.

Bunga ng pagsusulong ng tunay na reforma sa lupa at inihatid nitong mga tagumpay, mil-yun-milyong magsasaka ang sumasapi sa mga rebolusyonaryong organisasyon at lumalahok sa mga rebolusyonaryong pakikibaka. Libu-libo sa mga pinakamahuhusay nilang elemento ang sumasapi sa hukbong bayan. Sa patuloy na pag-abante ng rebolusyonaryong kilusan, ibayo pang kakalat ang apoy ng rebolusyonaryo: hakbang-hakbang na wawasakin ang kapangyarihang pyudal at malapyudal sa kanayunan at antas-antas na isusulong ang digmang bayan sa buong bansa.

# People's caravan, isinasagawa sa Kamaynilaan

**I**sinasagawa ngayon sa Kamaynilaan ang People's Caravan. Layunin ng aktibidad na ito na umikot sa mga piling komunidad upang magdaos ng mga aktibidad pang-edukasyon at pangkultura hinggil sa kahirapan, korapsyon at karapatang-tao.

Pinangungunahan ang aktibidad na ito ng People's Chain, isang alyansa ng iba't ibang organisasyon tulad ng Youth Revolt, Sining Bugkos, mga taong simbahan at mga lokal na organisasyon sa mga komunidad. Umikot na ito sa iba't ibang komunidad sa Tondo, Maynila; Bukid Area o North Caloocan; at South Caloocan.

Noong Abril 25, inilunsad ang *caravan* sa pamamagitan ng isang maigsing programa sa Luneta. Saanman ito tumundo, mainit itong sinasalubong ng mamamayan sa mga komunidad. Sa Sto. Niño Church sa Tondo, Maynila, sinalubong ang *caravan* ng pagtunog ng kampana ng simbahan at pagtugtog ng banda. Isang *motorcade* naman ang isinagawa sa South Caloocan. Dumaan ito sa Dagat-dagatan, Letre, Navotas at Malabon. Kasama sa *motorcade* ang *drum and bugle corps* ng Bagong Barrio.

Kinatangian ang *caravan* ng iba't ibang aktibidad. Inilunsad ang mga Aralang Bayan at Kapihan na binubuo ng mga lektura, palihian at talakayan. Kabilang sa mga tinalakay ang mga isyu ng korapsyon, kahirapan, mga isyu ng kabataan at pagtuturo ng mga karapatang-tao, ang krisis sa bigas at iba pang napapanahong isyu. Nag-lunsad rin ng mga pag-

sasanay sa teatro, musika at sining biswal.


Aktibong lumahok ang mga taong simbahan sa pamamagitan ng mga misa at pangunguna sa mga pagninilay-nilay. Dala nila ang temang "Katotohanan, Katarungan at Pagbabago." Lumahok din sa *caravan* si Joey de Venecia, saksi sa kasong NBN-ZTE deal, na nagsalita sa isang porum sa Tondo, Maynila.

Ang mga kalahok sa *caravan* ay umikot din sa daan-daang mga kahabayan sa mga komunidad.

Isinagawa naman ang Lugaw Protest sa Tondo at Bukid Area, aktibidad na tampok ang sama-samang pagkain ng lugaw bilang protesta sa rehimeng hinggil sa lumalang krisis sa pagkain sa bansa. Sa South Caloocan, isinagawa naman ang Sineng Bayan kung saan nagpalabas ng pelikula hinggil sa mga pampolitikang pamamaslang, mga *desaparecido*, krisis sa bigas at iba pa.

Bawat gabi, isinagawa ang Gabi ng Makabayang Sining (GAMAS), na kinatampukan ng mga pangkulturang pagtagtanghal na nilahukan ng mga estudyante sa mga palihan sa sining at iba pang panauhin.

Nakatakdang umikot ang People's Caravan sa iba pang komunidad sa Metro Manila sa susunod na mga linggo. AB



# Tusong pagbatikos ni Arroyo sa pagtaas ng singil sa kuryente

**W**alang tigil pa rin ang rehimeng Arroyo sa pagsakay sa malawak na angal ng mamamayan sa mataas na singil sa kuryente. Ginagamit ito ng rehimeng Arroyo upang ibaling ang mga usapin mula sa lumalang krisis at sa sunud-sunod na mga kontrobersya at isyung tumatama kay Arroyo. Ginagamit din nito ang usapin para pagtakpan ang pangunahing pananagutan nina Arroyo sa pagtaas ng singil sa kuryente. Binibira nito ang pamilyang Lopez na kilalang kritikal sa paghahari ng rehimeng Arroyo at tinatangkang agawin ang kontrol sa Meralco upang gamiting palabigasan nina Arroyo.

Sa pulong ng mga maysapi ng MERALCO noong Mayo 27, tinangka ni Winston Garcia, presidente at *general manager* ng Government Service Insurance System (GSIS), na agawin ang mayorya sa Board of Directors (BOD) ng kumpanya. Kasabwat si Jesus Martinez, Officer-in-Charge ng Securities and Exchange Commission (SEC), naglabas ang SEC ng kautusan upang patigilin ang nakatakdang eleksyon para sa lupon ng MERALCO batay sa pagkwestyon ni Garcia sa mga botong "proxy" (mga maysapi ng MERALCO na nagbibigay-pahintulot ng pagboto sa ngalan nila) na hawak ng mga Lopez. Tahasang binalewala ng MERALCO ang kautusan ng SEC. Itinuloy ang eleksyon kung saan nakuha ng mga Lopez ang mayorya ng BOD.

Gayunpaman, hindi pa rin tinantanan ng Malacañang ang MERALCO. Iginigiit ngayon ng Malacañang na dapat kanselahan ang ₱1 trilyong kontrata sa pagitan ng MERALCO at iba pang kumpanya ng mga Lopez na nagsusuplay ng malaking bahagi ng kuryenteng ipinapasa ng MERALCO sa mga konsyumer. Pinatatanggal din nila ang paninigil ng MERALCO sa mga konsyumer ng "system loss" (na binubuo ng mga kuryenteng ninanakaw sa MERALCO at mas malaki pang sariling konsumo ng MERALCO sa kuryente). Pinababalik din nila ang mga depo-

sito para sa mga kuntador na iligal na siningil nito, gayundin ang iba pang labis-labis na mga siningil ng MERALCO sa mga konsyumer ng kuryente.

Isinumbat naman ng mga Lopez na ang dapat pang tanggalin ay ang ipinapataw ng gubyerno na napaka-taas na *royalty tax* para sa produksyon ng kuryente mula sa sariling likas na yaman ng bansa at VAT sa

kuryente, na pawang binabalikat ng mga konsyumer. Samantalang ₱0.17 kada kWh lamang ang taripa sa mga imported na *bunker fuel* at *carbon*, at ₱0.29 sa imported na *natural gas* (nmina na gaas) na ginagamit sa produksyon ng kuryente, ₱1.79 kada kWh naman ang *royalty tax* kung ang ginamit ay lokal na *natural gas* at ₱0.70 kada kWh kung ang ginamit ay lokal na *geothermal steam* (mainit na singaw mula sa lupa). Itinataas naman ng 12% VAT nang ₱0.21 kada kWh ang kailangang bayaran ng mga konsyumer ng kuryente. Ayon sa mga Lopez, mababawasan nang mahigit ₱2.00 kada kWh ang singil sa kuryente kung tatanggalin ang napakalaking buwis na ipinapataw ng gubyerno. **AB**

## Mga pagpapabango ni Arroyo

**S**a harap ng napakatinding krisis sa ekonyoma at mabigat na pasabain ng mamamayan, sunud-sunod na pakana ang ginagawa ng rehimeng Arroyo para kunin ang simpatya nila. Kamakailan, inianunsyo ng Presidential Task Force on Energy ang paglalaan ng ₱2 bilyong "subsidy" para sa tinatayang 1.9 milyong mahihirap na konsyumer ng kuryente ng MERALCO (mga kumukonsumo ng di lalampas sa 100 kWh kuryente kada buwan). Taun-taon umanong mamamahagi sa kanila ng tig-₱1,000 hanggang 2010. Layunin nitong palabasing maramot ang MERALCO at pagmukhaing mapagmalasakit si Arroyo sa nakararaming naghihirap na konsyumer ng kuryente.

Kagyat na sinundan pa ito ng kaparehong gimik na "subsidy" naman umano sa mga magsasaka. Mamamahagi rin daw ang gubyerno ng tig-₱1,500 sa bawat magsasaka taun-taon hanggang 2010 para pambili ng abono.

Habang nananatili ang maka-dayuhan at anti-mamamayang mga patakaran sa ekonyoma, ang mga pondong ito ay walang saysay at walang idudulot na kaginhawaan sa mamamayan. Tulad ng iba pang mga "subsidy" noong nakaraan, ang pondong ito ay gagamitin na namang palabigasan para sa susunod na eleksyon. Tulad ng paggamit sa ₱2.8 bilyong Ginintuang Masaganang Ani para sa eleksyon 2004 (ang tinaguriang "fertilizer fund scam" na kinasangkutan ni Jocelyn "Joc-joc" Bolante), asahan nang gagamitin ang pondong ito sa pangungurakot, panunuhol at pagbili ng mga boto sa eleksyon. **AB**

# Patuloy na pagsirit ng presyo ng langis at bigas, gumagatong sa galit ng mamamayan

**W**alang pakundangan ang pagtaas ngayon ng mga presyo ng langis, bigas at iba pang bilihin. Lalo nitong nilubog sa matinding kahirapan ang mamamayan at ginagatungan ang kanilang galit sa naghaharing rehiyen.

Nitong Mayo, umabot na sa 9.6% ang inaaming tantos ng implasyon dulot pangunahan ng pagtaas ng mga presyo ng pagkain. Pinakamataas na ito mula 1999. Itinutulak din ito ng walang tigil na pagsirit ng presyo ng langis.

Ang pinakahuling pagtaas ng presyo ng langis nang ₱1.50 kada litro nitong Mayo 31 ay ika-11 beses na mula nang pumasok ang taong 2008. Tumaas na nang kabuuang ₱9.50 ang presyo ng bawat litro ng gasolina mula noon at ₱10 naman sa bawat litro ng krudo at gaas. Nitong nakaraang 10 araw ay

tuluy-tuloy ang pagsirit ng presyo hanggang sa umabot na sa ₱50.67 hanggang ₱55.15 ang kada litro ng *premium unleaded gasoline*; ₱42.91 hanggang ₱48.00 ang kada litro ng krudo; at ₱48.30 hanggang ₱53.80 ang kada litro ng gaas, kabilang ang 12% *value-added tax* (VAT). Tumaas din nang ₱1 kada litro ang presyo ng *liquefied petroleum gas* (LPG).

Sinasabayan ang pagsirit ng presyo ng langis ng krisis sa presyo ng bigas. Humahantong na ito ngayon sa pagrasyon at “panic buying” sa ilang lugar sa Mindanao. Nitong Hunyo 1, libu-libo ang dumagsa sa pinakamatinding pamilihang bayan sa Cagayan de Oro nang mabalitaang mawawala na sa mga palengke ang ₱18.25 kada kilo ng bigas na ibinebenta ng National Food Authority (NFA) at palitan ito ng mas mahal na bigas.

Ang presyo ng “well-milled

rice” ay ₱45 hanggang ₱51 na bawat kilo. Sa Davao Oriental, tumaas ang presyo ng bigas mula ₱38 kada kilo noong Mayo 29 tungong ₱40 noong Mayo 30 at ₱42 noong Mayo 31 o 10.5% sa loob lamang ng dalawang araw. Tumataas na rin ang presyo ng mais. Ang primera klase ng mais na pambigas ay nagkakahalaga na ngayon ng ₱31.50 kada kilo at ang dilaw ay ₱18.50. Tumataas din ang presyo ng mga gulay.

Ayon sa huling pag-aaral ng Asian Development Bank, umaabot na sa 23 milyong Pilipino o 26% ng populasyon na kumikita ng ₱67 o mas mababa pa kada araw ang pinakamatinding hinahagupit sa bawat pagtaas ng presyo ng langis at pagkain. Ayon pa sa pag-aaral, 2.3 milyong Pilipino ang bumabagsak sa antas ng mga maralita sa bawat 10% pagtaas sa presyo ng pagkain. **AB**

## Matinding pagsasamantala sa mga magsasaka ng palay sa Eastern Visayas

**K**atulad ng iba pang bahagi ng bansa, hinahagupit ng krisis sa bigas at pagkain ang Eastern Visayas Region na binubuo ng mga isla ng Samar, Leyte, Biliran at kalapit na maliliit na isla. Daang taon nang inilulugmok ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi ang mga magsasaka, at napipigilan ang pag-unlad ng agrikultura sa rehiyon. Higit pa'y winawasak ng imperyalistang “globalisasyon” at liberalisasyon sa agrikultura ang kakayahang matugunan ng mamamayan sa rehiyon ang sariling mga pangangailangan sa pagkain. Lalo pang tunitindi ang krisis sa pagkain sa lugar tuwing humahambulos ang mga sakunang dulot ng kalikasan, gayundin ng militarisasyon.

Umaabot sa 25% ng kabuuang lupaing agrikultural ang nagagamit sa pagtatanim ng palay. Pero mahigit kalahati sa mga ito ay nasa mabubundok na bahagi ng rehiyon at walang irrigasyon. Yaong may patubig ay nakakonsentra sa kalakhan sa kapatagan ng Leyte at

ilang bahagi ng Biliran. Sampung porsyento lamang ng tinatayang 93,000 ektaryang natatamnan ng palay sa Samar ang may patubig.

Habang tumatalag, ang maliliit na lupaing natatamnan ng mga magsasaka ay lalo pang lumilit. Ang abereyds na 3.37 ektarya kada




parsela ng palayan noong 1971 ay naging 2.16 ektarya na lamang mакараan ang 20 taon. Malaking kalahkan ng mga natatamnan ng palay ay wala pang isang ektarya.

Sa kalakha'y manwal at atrasado ang produksyon ng palay at iba pang pananim sa rehiyon. Sa Samar, halos 90% ng mga palayan ay sinasaka sa pamamagitan ng *paya-tak* (paghahanda ng lupa sa pamamigitan ng pagpapatapak sa kala-baw hanggang lumambot ang lupa) at *hasok* (sabog-tanim). Napankapayak ng kagamitan ng mga magsasaka—itak at karet. Relati-bong abante na ang pamamaraan ng iilang gumagamit ng araro. Yalong malalapit lamang sa mga sentrong bayan at syudad ang naga-gagamit ng *hand tractor*, dema-nong pambunot ng damo at iba pang maliliit na simpleng makina-rya tulad ng *thresher* at *blower*, na sa kalakhan pa'y inuupahan sa mga komersyante.

Makasasapat sana ang produksyon ng palay mula sa mga sa-kahan para sagutin ang pinakamini-mum na pangangailangan sa konsumo ng rehiyon. Ngunit ang nangyayari'y halos 10% lamang ng ani ng mga magsasaka ang nako-konsumo nila. Dahil marami na si-lang kailangang bayarang mga utang bago pa man makaani, mahigit 90% ng kanilang ani ay tuwi-rang ipinambabayad sa utang o kailangan nang kaagad ibenta sa pamilihan upang may maipambayad sa mga utang. Sandali lamang makaraan ang pag-aní ay kailangan na nilang bumili ng bigas sa pamilihan. Dahil sa kawalan ng pambili ng bigas at iba pang makakain, la-ganap ang kagutuman sa rehiyon.

Matinding pyudal at malapyudal na pagsasamanta-la sa mga magsasaka ang sanhi ng ganitong pagkaatrasado ng agrikultura, lubhang kahirapan at malalang kasalatan sa pagkain ng masang magsasaka sa rehiyon.

- A: Upa sa lupa
- B: Upa sa *thresher*
- C: Bayad sa trak-tora
- D: Pestisido
- E: Binhi
- F: Abono
- G: Gastos sa pag-papatrabaho
- H: Gastos sa pagkain
- I: Natitira sa kasamá
- J: Bayad sa NIA



### *Upa, gastusin at parte ng magsasaka sa isang ektaryang palayan na may patubig*

Pinagkunan: Sagupa-SB Research Department

Umaabot sa 59% ng mga palayan ang pagmamay-ari ng iilang panginoong maylupa at pinasasaka sa mga kasamá. Umaabot sa 17% lamang ng mga sakahan sa rehiyon ang sinasaka mismo ng mga magsasakang nagmamay-ari ng lupa.

Sa mga lupaing pinasasaka lamang sa mga kasamá, umiiral ang mga partihang *hati* (50-50), *tinatallow* (67-33) at *inapat* (75-25) de-pende sa lugar.

Nakikihati pa sa natitirang parte ng magsasaka ang mga nego-syante-usurero na tumataga nang malaki sa anyo ng makausurang interes sa pautang, pagpapaupa ng mga gamit-pansaka at pagpepresyo ng mataas sa mga pangangailangan ng mga magsasaka sa produksyon at konsumo. Ito ay habang binabarat ang presyo ng mga produkto ng pagsasaka. Minsan, umaabot pa nang hanggang 200% ang interes ng pautang na kailangan bayaran sa loob ng limang

buwan.

Sa isang partikular na pag-aaral sa isang palayang may irigasyon, umaabot lamang sa ₱23.70 ang kinikita ng magsasaka kapalit ang isang araw na trabaho sa isang ektarya, kung mga tradisyunal na binhi ang ginagamit. Ito ay matapos ibawas ang upa sa lupa, *thresher*, patubig, bayad sa trak-tora, gastos sa pestisido, binhi, abono, pasahod at pagpapakain sa mga inuupahan para tumulong sa pagsasaka. Kumpara rito, umaabot sa ₱40 ang kinikita ng panginoong maylupa mula sa tinatrabaho ng isang kasamá kada araw sa isang ektarya kung kukwentahan lamang ang upa sa lupa. Lumalaki pa ito kung pag-aari rin ng panginoong maylupa ang mga gamit pansaka na inuupahan ng magsasaka. (*Tingnan ang graph*)

Lalong lumilit pa ang kinikita ng kasamá habang lumalaki ang kinikita ng mga komersyante-usurero kung mga bagong binhing *hybrid* (mestiso) na pinalalaganap ng reaksyuntaryong gubyerno ang ginagamit. Mas malaki ang gastusin sa produksyon sa mga bagong binhing *hybrid* dahil nangangailangan ang mga ito ng mas maraming abono at pestisido. AB



# Matatabang panuhol ng China sa ganid na rehimeng Arroyo

**A**ng dambuhalang suhulan sa kontratang National Broadband Network (NBN) na nabunyag noong nakaraang taon ay isa lamang sa maraming maanomalyang kontrata na pinasok ng rehimeng Arroyo sa gubyerno at mga pribadong kumpanyang Chinese. Bukod sa ngayo'y kilala nang suhulang NBN-ZTE, nariyan din ang proyektong Northrail, Southrail at Cyber Education.

May 18 pang proyekto sa agrikultura, irigasyon, riles ng tren, paliparan, daungan, haywey, tulay, telekomunikasyon, pabahay at *economic zone* na nilagdaan noong Enero 2007 nang bumisita sa bansa si Wen Jiabao, ang *premier* ng China.

Sa loob ng pitong taon nang panunungkulan ni Arroyo, pumirma ang kanyang rehimeng 65 kasunduan sa gubyerno ng China. Kapanit ng mga kontratang ito ang tauhang pautang na \$2 bilyon hanggang 2010. Sa kasalukuyan, ang China na ang ikalimang pinakamalaking pinagkakautangan ng Pilipinas. Walang kaparis ang dami at lahi ng mga kontratang ito kumpara sa mga pinasok ng mga nauna sa kanya sa Malacañang.

Sa kabuuhan, ang mga napirmahang kontrata sa pagitan ng China at Pilipinas ay umabot sa 89 mula 1975-2007, kung saan 32 o mahigit 30% ay nilagdaan noong Enero 2007.

Sadyang tagibang ang mga kasunduang ito. Sa apat ditong kaugnay ng agrikultura, pumayag ang gubyernong Arroyo na gamitin ang hindi bababa sa 1.24 milyong ektarya para sa iba't ibang pananim. May kasunduan din tungkol sa produksyon ng *bio-ethanol* sa daan-libong ek-

tarya ng lupang agrikultural. Saklaw ng tatlong kontrata ang pagbubukas sa dayuhang negosyo ng munisipal na karagatan na dapat ay nakareserba lamang sa maliliit na lokal na mangingisda.

Sa paghahabol ng malaking kikbak, yumuyuko ang rehimeng Arroyo sa lahat ng kagustuhan ng gubyernong China. Kabilang dito ang pagpapabasura nito sa Baselines Bill o House Bill 3216. Ang HB 3216 ay nagtatakda ng teritoryo ng Pilipinas para sana mairehistro ito sa United Nations Convention on the Laws of the Sea (UNCLOS) bago sumapit ang dedlayn nito sa Mayo 13, 2009. Alinsunod sa panukalang batas na ito, iginigiit na saklaw ng teritoryo ng Pilipinas ang kabuuhan ng Spratly Islands na pawang nakapaloob sa 200 *nautical miles* (o 370 kilometro) mula sa


kanlurang baybayin ng Pilipinas at sa gayon ay bahagi ng eksklusibong sonang pang-ekonomyya ng bansa. Nag-aalala si Arroyo na ika-gagalit ng China ang panukala na ito dahil taliwas iyon sa kasunduang Joint Marine Seismic Undertaking (JMSU) na sikretong pinasok niya kasama ang China noong 2004 at Vietnam noong 2005. Nagbibigay-daan ang JMSU sa mala-yang pagsasarbey ng mga kalahok sa kasunduan sa Spratly Islands at ibang bahagi ng karagatan sa pali-gid upang alamin ang mga depositong langis sa lugar.

Walang pakundangang ibinubukas ng mga kasunduang ito ang lupa at karagatan ng Pilipinas sa walang habas na dayuhang pagne-negosyo. Hihikayatin din ng mga proyektong ito ang pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa na mag-papalala sa karalitaan ng dati nang hikahos na masang magsasaka at magpapasahol sa laganap nang ka-gutuman sa bansa.

Todo-larga ang pagpasok ng pangkating Arroyo sa mga pang-ekonomyang kasunduan sa China. Ang mga ito'y oportunidad para makapangurakot. Di tulad ng pang-

ngutang sa US, Japan, European Union at IMF-WB na nangangailangan ng napakaraming rekisito, pumapayag ang China na gawing sikreto ang mga kasunduan at naging kalakanan na nitong bigyan ng malalaking kikbak ang mga upisyal ng gubyerno. Matatandaang sa naunsyaming proyektong NBN-ZTE ay umabot sa mahigit \$170 milyon ang halaga ng kikbak sa mag-asawang Arroyo at mga alipures nila.

AB





# Magingisda, pinaslang ng militar

**I**sang magingisda ang pinatay ng mga elemento ng Philippine Navy at isang pastor at lider-magsasaka ang dinukot at tinortyur. Kabilang ang mga ito sa dumaraming kaso ng paglabag sa kapatang-tao ng rehimeng Arroyo.

**Hunyo 3.** Isang magingisda ang pinagbabaril at napatay ng nagpapatrulyang mga elemento ng Philippine Navy nitong Hunyo 3 sa isla ng Tumalutap sa Zamboanga City. Sa kaugnay na insidente, inaresto rin ng mga sundalo noong araw na iyon ang sumpung magingisda sa baybaying barangay ng Taluksangay sa parehong syudad.

Binatikos ng Pamalakaya ang pangyayari at iginiit na imbestigahan ito ng Commission on Human Rights. Anang Pamalakaya, ang biktimang taga-Zamboanga City ang ika-22 magingisdang pinaslang mula nang manungkulan si Gloria Arroyo noong 2001. Pito sa mga biktimang magingisda ay mga rehiyunal at pamprubinskyang lider ng Pamalakaya.

**Mayo 18.** Dinukot ng tatlong elemento ng militar na nakasibilyan si Bernadith Dignos, 26, organisador ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)-Lanao del Norte. Dinampot siya sa harap ng Mr. Beefy Burger sa Iligan City. Inilitaw siya matapos ang limang araw. Kasalukuyan siyang nakapiit ngayon sa kasong rebelyon sa pamprubinskyang bilangguan ng Misamis Occidental.

**Mayo 6.** Dinukot nitong Mayo 6 sa Tanay, Rizal si Pastor Rodel Canja ng mga pwersa ng militar habang papunta sa taunang pulong ng Northeast Southern Tagalog Conference ng United Church of Christ in the Philippines.

Pinasakay siya sa isang *van*, tinutukan ng baril at tinakpan ng panyong basa ng gamot ang kanyang ilong at agad siyang nawalan ng malay.

Ipinalilim siya sa matinding sikolohikal na tortyur. Habang siya'y iniinteroga, pinarinig sa kanya ang pagkalabit ng gatilyo ng baril, pinagbantaang pagpapatayin ang kanyang mga kapatid at magulang kung hindi siya makikipagtulungan sa militar. May isang panahon pang isinubo sa kanya ang dulo ng baril habang pilit siyang pinaaamin na siya at kapwa niya pastor na si Berlin Guerrero ay myembro ng Partido Komunista ng Pilipinas. Si Pastor Guerrero ay dinukot noong Mayo 2007 at hanggang ngayon ay iligal na nakakulong.

AB

# Mga armadong aksyon ng BHB

**I**imang elemento ng kaaway ang namatay at walo ang nasugatan sa magkakahiwalyang akisyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sorsogon, Negros Oriental, Davao Oriental at Nueva Ecija nitong huling linggo ng Mayo hanggang unang linggo ng Hunyo.

**Hunyo 5.** Limang elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang malubhang nasugatan nang masabugan sila ng *command-detivated land mine* habang nagpapatrulya sa Barangay Dongan Pekong, Matanao, Davao Oriental.

**Hunyo 4.** Tatlong elemento ng 7th Scout Ranger Company ang namatay nang tambangan ang kanilang yunit ng isang tim ng BHB sa Sityo Macabalo, Barangay Bacalon, Magallanes, Sorsogon. Pabalik sa kanilang himpilan sa Barangay Tula-tula ang mga sundalo sakay ng isang motorsiklo nang tambangan sila. Isang .45 kal pistola ang nasamsam mula sa ambus.

Isang elemento naman ng CAFGU ang nasugatan sa harasment na inilunsad ng BHB sa detatsment ng militar sa Barangay Binolbohan, Guihulngan City, Negros Oriental. Kasalukuyang naglulunsad ng matinding operasyon ang mga militar sa nasabing lugar nang mangyari ang harasment.

**Hunyo 3.** Isang sundalo ng 78th IB ang namatay at isa pa ang nasugatan nang salakayin ng militar ang pinagdudahang kuta ng BHB sa Sityo Avocado, Barangay Talalak, Sta. Catalina, Negros Oriental.

Namatay naman sa ambus ng BHB noong araw ding iyon ang hepe ng Philippine National Police sa Boston, Davao Oriental na si P/Insp. Jonnel Belenson. Tinambangan si Belenson, kasama ang dalawa pang pulis habang patungo sila sa kabayanan. Dinakip at inimbestigahan ng BHB ang mga kasama ni Belenson, subalit pinakawalan din sila matapos ang ilang araw.

**Mayo 26.** Sa Nueva Ecija, nasugatan si Lt. Hector de Leon, hepe ng 73rd Division Reconnaissance Coy (DRC) nang makasagupa nila ang isang pangkat ng BHB sa Sityo Kabilogan, Rio Chico, General Tinio. Kasalukuyang nag-ooperasyon ang pinagsanib na mga pwersa ng 73rd DRC, Philippine Army Intelligence Group at pulisia ng General Tinio nang maganap ang sagupaan.

AB



# Mga taktikal na opensiba, sagot ng BHB sa matinding militarisasyon sa Northern Samar

**D**i bababa sa 15 elemento ng kaaway ang namatay at di mabilang ang nasugatan sa sunud-sunod na mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Northern Samar. Ang mga opensiba ng BHB ay tugon sa malawakang operasyong militar na inilulunsad ng AFP sa prubinsya at mga karatig na lalawigan. Hibang na pangarap ng AFP na gapiin ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Samar bago magtapos ang 2008.

Bunga nito, isang kampanya laban sa militarisasyon ang inilulunsad rin ng mamamayan sa lugar para kundenahin ang matitinding paglabag sa karapatang-tao laluna sa mga liblib na bayan ng Las Navas at Catubig sa prubinsya. Sapilitan nang lumikas ang marming tagabaryo sa mga apekta-dong lugar dahil sa pandarahas sa kanila ng kaaway. Ilang lugar na rin ang naiulat na idineklarang "no man's land" ng militar kung saan lahat ng matyemuhang tao

o hayop ay binabaril.

Sumusunod ang ilang panimulang ulat na nakalap ng *Ang Bayan*:

**Mayo 15.** Walong sundalo ang namatay samantalang walang naging kaswalti sa panig ng BHB nang ambusin ng isang yunit ng Rodante Urtal Command (RUC) ng BHB-Northern Samar ang nag-ooperasyong mga tropa ng Charlie Coy ng 63rd IB bandang alas-12 ng tanghali sa pagitan ng Barangay Imelda at Catotoogan sa Las Navas.

Noong araw ding iyon, bandang alas-3:30 ng hapon ay nagsagawa rin ng ambus ang Sylvio Pajares Command ng Front 4-Northern Samar sa mga tropa ng Bravo Coy ng 63rd IB sa pa-

gitan ng Barangay Bato at Bangon, Gamay sa parehong prubinsya. Apat ang kumpirmadong namatay na mga sundalo sa naturang ambus samantalang isa ang nasugatan sa panig ng BHB.

**Abril 29.** Hinagisan ng *home-made* na granada ng isang tim ng mga

partisano sa ilalim ng RUC ang pamprubinskyang himpilan ng pulisia sa Catarman, kabisera ng Northern Samar. Nakalikha ng malakas na putok ang naturang aksyon subalit itinanggi ito ng mga pulis at sinabing may transpormer lamang daw ng kuryente na sumabog sa loob ng *compound* ng himpilan.


**Abril 19.** Nakapagdulot ng di pa mabilang na kaswalti ang isang iskwad ng BHB nang harasin nila ang kampo ng Charlie Coy ng 20th IB sa Barangay Trojillo, Bobon, Northern Samar habang nakahanay ang mga sundalo para mag-ehersisy.

**Abril 12.** Di rin mabilang ang kaswalti ng kaaway nang harasin ng isang yunit ng RUC ang himpilan ng isang kumpanya ng 52nd IB sa Barangay Salvacion, San Isidro, Northern Samar.

Dalawa naman sa nag-ooperasyong mga tropa ng 20th IB ang namatay nang harasin ng Nida Cantong Command ng Front 3-Northern Samar ang yunit-militar sa Barangay McKinley, Catarman nitong Abril.

**Mars 2.** Pinarusahan ng kamatayan si Sgt. Nandy Nier, pinuno ng *death squad* at upisyal paniktik ng 20th IB sa Barangay Balite, San Isidro, Northern Samar. Responsable ang naturang upisyal sa pagpatay sa apat na magsasaka sa lugar mula 2007 hanggang 2008. Isa sa mga naging biktima nito ay si Tony Jumadiao, taga-kilometro 11, Happy Valley, San Isidro.

AB





# Pagsasanay ng mga mandirigma sa Southern Tagalog, matagumpay na idinaos

**H**indi napiigilan ng tindi at bangis ng Oplan Bantay Laya II ang patuloy na pagpapalawak at pagpapalakas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong kilusan sa Southern Tagalog. Katunayan, mula katapusan ng Pebrero hanggang unang linggo ng Abril, nakapagdaos ng pulitiko-militar na pagsasanay, sa kabilang walang tilig na operasyon militar ng AFP.

Nakapagpatapos ng pagsasanay ang 20 mag-aaral mula sa iba't ibang larangan ng gawain. Siyam sa mga nagtapos ay mga sinasanay na upisyal at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Nakapagsanay din ng mga instruktor, kabilang ang mga bagong instruktor sa pagsasanay militar. Apat sa mga tagapagsanay ay babae.

Ang Batayang Pagsasanay Puli-tiko-Militar ay isang kurso na dinaanan ng lahat ng bagong mandirigma o treyni sa BHB. Mayroon itong bahaging teoretikal at praktikal. Laman ng teoretikal na pag-aaral ang Mga Katangian ng Ating Digmang Bayan, mga batayang oryentasyon tulad ng regulasyong militar, hinggil sa gawaing masa sa kanayunan, tak-tikang gerilya at marami pang iba. Kasama rin sa teoretikal ang pag-susuri ng mga opensiba at de-pensibang aksyon at pagkilala sa kaaway. Ang kombat-maniobra at indibidwal na pagsasanay naman ay may bahaging teoretikal at may bahaging praktikal din.

Bago magsimula ang formal na pagsasanay ay nag-eehersiyo tuwing umaga ang mga treyni.

Ito ay para ihanda sila sa praktikal na bahagi ng pagsasanay. Ang mga unang linggo ay inilaan sa teoretikal na pag-aaral. Sinimulan ang mga praktikal na pagsasanay nang matasang handa na rito ang mga mag-aaral.

Nasa kalagitnaan ng pagsasanay ang mga Pulang mandirigma nang dumating ang kaaway at nagsimula ang madalas at masinsing pagkilos ng mga ito. Bilang adyasment sa sitwasyon, inunang tapusin ang mga praktikal na pagsasanay, lalo na ang pagtawid sa *obstacle course*, upang pagkatapos nito'y pwede nang gibain ang mga itinayong istruktura at madaling makalilipat nang walang

bakas, kung kinakailangan.


Sa kabilang mahigpit na sitwasyon, nagagawa pa ring magkaroon ng mga breyk upang makapaggahinga, magsaya, at makisalamuha sa ibang mga kasama. Sa mga oras ng breyk lalo na sa gabi, nagdaraos din ng mga "kapihan" (mga paraan ng pagkilala at pag-alam sa mga iniisip at nararamdam ng mga kasama sa anyo ng kwentuhan/talakayan, kantahan, laro, at iba pa) at panonood ng mga dokumentaryo at sine. Ginagamit din iyon upang tapusin ang mga takdang araling ibinibigay ng instruktor.

Ang tagumpay ng pagsasanay ay hindi makakamit kung wala ang suporta ng masang magsasaka sa paligid ng kampuhan. Tumulong sila sa pagtaguyod ng aktibidad at nagsilbing mata at tainga sa halos dalawang buwang treyning.

Mainit silang pinasalamatang mga mandirigma sa idinaos na programa ng pagtatapos na itina-

on sa pagdiriwang ng ik-39 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan. Nagtanghal dito ang mga nagsipagtapos bataay sa kanilang mga natutunan sa pagsasanay.

Ang 20 Pulang mandirigma nagtapos ng pagsasanay nitong Marso sa Southern Tagalog ay ilan lamang sa libu-libong mga mandirigma na sinasanay sa buong bansa sa mga panahong ito. Patunay ito ng tuluy-tuloy na paglakas ng rebolusyonaryong armadong kilusan.



## Ka Bel, inihatid ng libu-libong mamamayan sa huling hantungan

**L**ibu-libong mamamayan ang naghatid sa mga labî ni Anakpawis Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran sa huli niyang hantungan noong Mayo 28. Inilakbay ang mga labî ni Ka Bel mula sa Taft Ave., Maynila, tingo sa Tulay ng Mendiola at Batasanang Pambansa bago ihatid sa Angels of Meadows Memorial and Nature Park sa Angat, Bulacan.

Lulan ng 10-wheeler na trak, idinaan ng daan-daang manggawa ang mga labî ni Ka Bel sa Mendiola. Ibinasura rin nila roon ang mga bulaklak na padala ng Malacañang.

Sa bulwagan ng Batasanang Pambansa, pinarangalan si Ka Bel ng kanyang mga kapwa kongresista sa harap ng daan-daang mga manggawa. Binasa ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo ang kanyang parangal kay Ka Bel na sinundan ng

umaalingawgaw na sigaw na: "Ituloy ang laban, Ka Crispin Beltran." "Itaas ang sahod, syento beyentesingko." Nagbigay-parangal din siña Gabriela Rep. Liza Maza, Bayan Muna Rep. Teodoro Casiño at iba pang progresibong kinatawan. Marami-raming kongresista, maging yaong mga kakampi ng administrasyon, ang dumalo sa burol.

Nagmartsa ang umabot sa 20,000 mamamayan mula sa Batasan Complex sa Quezon City hanggang SM Fairview sa Novaliches. Karamihan sa kanila'y nakasuot ng itim at pulang damit tanda ng pagluluksa at pagpuprotesta. Habang nagmamartsa'y isinisigaw ang "Congressman Crispin Beltran, tuloy ang laban!"

Naglabasan at humilera ang mamamayan sa magkabilang panig ng daan upang magbigay-pugay sa

yumaong bayani ng anakpawis at ng sambayanang Pilipino. May nakanbiting mga pulang laso sa mga kabahayan. "Nakikiramay kami. Ipinaglaban niya ang mahihirap na tulad namin," sabi ng isang mekaniko sa Litex, Payatas, Quezon City.

Mula sa Fairview, ang mga labî ni Ka Bel ay inihatid ng komboy ng mahigit 300 mga bus, dyip, trak at motorsiklo tungo sa Angat, Bulacan.

Sa ibayong dagat, nagtipun-tipon at naglamay sa harapan ng Alexandra House sa Chater Road sa Hong Kong ang may 200 migranteng manggagawa sa Hong Kong noong Mayo 25. Gayundin ang ginawa ng mga Pilipino sa Canada at sa US. Naging gabi ng mga awitin at tula at mga alaala ni Ka Bel ang gabi ng Mayo 26 sa Iglesia Filipina Independiente (IFI). Ilan sa mga dayuhang dumalaw sa burol ay ang Cuban ambassador sa Pilipinas na si Jorge Rey Jimenez at Charge d' Affairs ng Venezuela na si Manuel Perez Iturbe.

AB

## Atrasadong pagpapahinto ni Arroyo sa pagtaas ng matrikula, binatikos

**B**inatikos ng iba't ibang mga samahang estudyante ang rehimeng Arroyo dahil sa mapagkunwari at labis na atrasadong panawagan nitong ipahinto ang anumang pagtaas ng matrikula sa mga State Colleges and Universities (SCU).

Ayon sa National Union of Students of the Philippines, karamihan ng mga estudyante ay nakapag-enrol na nang manawagan si Arroyo.

Naniniwala ang mga estudyante na ginawa ni Arroyo ang panawagan para lamang magpabango sa harap ng mga kontrobersyang kanyang kinasasangkutan. Inamin naman ng Commission on Higher Education (CHED) na hindi na mapigilan ang pagtaas ng matrikula sa mga pribadong paaralan dahil

may pahintulot naman ito ng batas. Mahigit 370 mga paaralan ngayon sa buong bansa ang nagtaas ng matrikula nang hindi bababa sa 10%.

Ayon sa Kabataang Pinoy, kung hindi matrikula, mga tinatawag na "miscellaneous fee" ang itinataas ng mga paaralan. Ang mga bayarin na dapat ang paaralan ang nagbabaway ay ipinapataw sa mga estudyante. Inihalimbawa nila ang sinsingil sa mga estudyante ng AMA Computer University na *postal fees*,

*Smart fee at copier fee*; sa Trinity University of Asia na *power charge fee*; sa University of Cordilleras na *land infrastructure maintenance and acquisition development fee*; *accreditation fee* sa Technological University of the Philippines; at *pre-registration fee* naman sa Aquinas School.

Nitong nakaraang taon ay siningil naman ng ₱1 kada paggamit ng kasilyas ang mga estudyante ng Cavite State University. Ang Asian School of Arts and Sciences naman ay nangungulekta ng ₱250 para sa *athletics fee* kahit wala namang *varsity team* ang nasabing eskwelahan. Sarisaring tusong paraan ang ginagawa ng mga eskwelahan para lamang mapataas ang kanilang tubo.

AB

## Karapatan ng NDFP sa mga bank account nito, ibinalik ng korteng Dutch

**I**niutos nitong Hunyo 5 ng District Court sa The Hague, The Netherlands na ibalik na sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng mga upisyal at istap nito ang karapatang hawakan ang kanilang mga *bank account*. Pinagkaitan ng korte ang NDFP at mga upisyal nito ng karapatan sa naturang *accounts* nang arrestuhin si Jose Maria "Ka Joema" Sison at salakayin ang upisina ng NDFP noong Agosto 2007. Nireyd rin ang mga bahay ng mga upisyal at istap ng NDFP noon.

Inaresto si Sison batay sa gawa-gawang kasong nagsasangkot sa kanya sa pagkamatay nina Romulo Kintanar at Arturo Tabara. Sina Kintanar at Tabara ay mga rebisyunistang taksil na akusado sa mabibigat na kasong kriminal. Natamatay sila nang manlaban sila sa mga gerilya ng Bagong Hukbong

Bayang inatasan ng rebolusyonaryong hukumang bayan na umaressto sa kanila.

Ang iba't ibang antas ng mga korteng Dutch na pinagdaanan ng mga gawa-gawang kaso laban kay Ka Joema ay pare-parehong napasyang wala silang nakikitang matibay na ebidensya sa ikinakaso

ng mga prosekyutor na Dutch laban kay Ka Joema. Sa gayon, magkakaparehong nag-utos ang mga korteng Dutch ng pagpalaya kay Ka Joema.

Ipinahayag ng mga upisyal at istap ng NDFP, kabilang sina Luis Jalandoni, Coni Ledesma, Fidel Agcaoili, Dan Borjal, Jose Maria Sison at Juliet de Lima-Sison na hindi makatarungan ang pagkakait sa NDFP ng karapatan sa naturang mga *bank account* dahil walang kinalaman ang mga ito sa kasong isinampa laban kay Ka Joema.

Iginigiit din nina Jalandoni na ibalik sa kanila lahat ng dokumento at kagamitang kinumpiska sa kanila. Hanggang ngayon ay may mahalaga pa ring mga dokumentong hindi ibinabalik ang pulisyang Dutch.

### Monarkiya sa Nepal, winakasan

**L**IBU-LIBO ang nagmartsa sa lansangan ng Kathmandu, kabisera ng Nepal nitong Mayo 28 para ipagdiwang ang pagwawakas ng monarkiya sa bansa. Pinagpasyahan ito ng Constituent Assembly ng Nepal na binuo upang magbalangkas ng bagong saligang batas para sa bansa.

Aapat sa 601 myembro ng kapulungan ang bumoto laban sa paglusaw sa monarkiya. Ang paglusaw sa monarkiya ay tagumpay ng sambayanang Nepali sa pangunguna ng Communist Party of Nepal-Maoist na nahalal noong Abril na may pinakamalaking representasyon sa kapulungan.

Idineklara ng Constituent Assembly na ang Nepal ay isa nang sekular at demokratikong republika matapos ang 240 taong dominasyon ng monarkiya at relihiyong Hindu roon.

"Awtomatikong magwawakas ang mga pribilehiyo ng hari," anang asembleya. Iniuutos ang pag-alis ni dating Haring Gyanendra at ng kanyang pamilya sa palasyo sa loob ng dalawang linggo. Itinatadhana ng deklarasyon na maaari pa ring manatili sa bansa ang hari bilang ordinaryong mamamayan.

Samantala, iginigiit na ngayon ng CPN-M na bilang pinakamalaking partido sa Constituent Assembly ay nararapat nang hawakan nito ang pusisyon ng Presidente at Prime Minister ng Nepal. Sa ngayon ay hawak ni G.P. Koirala ng partidong Nepali Congress ang dalawang pusisyon.

Nagbanta ang CPN-M na maglulunsad ito ng malawakang mga kilos-masa kung hindi kagyat na magbibitiw si Koirala.

### Kasunduan kontra cluster bomb, pinagtibay

**I**SANDAAN at siyam na bansa ang lumagda sa isang kasunduang magbabawal sa paggamit ng mga *cluster bomb*. Ang kasunduan ay narating nitong Mayo 28 matapos ang 10 araw na pagpupulong sa Dublin, Ireland.

Tumutol at di pumirma sa kasunduan ang pinakamalalaking prodyuser ng mga *cluster bomb* kabilang ang US, Russia at China.

Ang *cluster bomb* ay bombang nagkakalat ng mas maliliit pang bomba habang inihuhulog mula sa himpapawid. Malaon nang binabatikos ang paggamit ng gayong bomba dahil sa pinsalang idinudulot nito sa mga sibilyang inaabot ng mga bombang kumakalat sa malawak na erya.

Ginamit na ang gayong mga bomba sa mga gera sa Cambodia, Kosovo, Afghanistan, Iraq at Lebanon.

*Editoryal*

# Rebolusyong agraryo, sagot sa anti-magsasakang CARP



**A**ng plano ng rehimeng US-Arroyo na palawigin pa nang limang taon ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ay taliwas sa pag-susulong ng interes ng masang magsasakang matagal nang naghahangad ng tunay na reporma sa lupa. Walang ibang layunin dito ang rehimeng US-Arroyo kundi ang patuloy na linlangin at apihin ang masang magsasaka at ibulsa ang malaking pondo nito.

Tulad ng lahat ng nagdaang programa sa reporma sa lupa ng reaksyunaryong estado, ang CARP ay huwad at walang tunay na kaugnayan sa repormang agraryo. Nagsilbi lamang ito para lalong pagtibayin ang mono-

polyong kontrol ng mga lupain sa bansa, at ibukas ang mga ito sa mga dayuhan alinsunod sa imperialistang patakarang "globalisasyon." Nitong mga nagdaang taon, ang pondo ng CARP ang naging isa sa mga naging pinakamalalaking palabigasan ng mga burukrata-kapitalistang nakapwesto sa poder.

Napakalaking kasinungalinan ang ipinagmamalaki ng Department of Agrarian Reform (DAR) na sa pamagitan ng CARP ay naipamahagi na sa mga magsasaka ang 80% ng mga lupang agrikultural. Ang malawak na mayorya ng mga magsasaka ay nananatiling wala o kulang sa lupang masasaka at biktima ng pagsasaman-

**Mga tampok  
sa isyung ito...**

People's Caravan  
sa Kamaynilaan

PAHINA 3

Pagsasamtala  
sa mga magsasaka  
ng palay sa Eastern  
Visayas

PAHINA 5

Pagsasanay-militar  
sa Southern Tagalog

PAHINA 10

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*